# Paglilimita ng mga paggambala sa mga silid-aralan sa Alberta

Hunyo 17, 2024 Mga katanungan ng media

## Upang mapangalagaan ang kalusugang pangkaisipan ng estudyante at mabawasan ang mga paggambala, lilimitahan ng mga bagong pamantayan ang paggamit ng mga personal mobile device sa mga silid-aralan at social media sa mga network ng paaralan.

Nagiging lalong nariyan ang mga personal mobile device at social media sa lahat ng aspeto ng buhay at hindi naiiba ang mga silid-aralan sa Alberta. Bagaman maaaring maging kapaki-pakinabang na mga tool ang mga ito upang suportahan ang pag-aaral, sa feedback mula sa mahigit sa 68,000 magulang, guro, katuwang sa edukasyon at mga estudyante, natukoy na maaaring negatibong makaapekto sa tagumpay ng mag-aaral at kapakanan ng kaisipan ang mga personal mobile device at social media.

Batay sa feedback na iyon, nagtatatag ang pamahalaan ng Alberta ng mga pamantayan na ipatutupad sa Setyembre 1 upang matiyak na hindi nakagagambala sa pag-aaral ang mga personal mobile device at social media.

“Malinaw sa mga magulang, guro, estudyante at sa ating mga katuwang sa edukasyon na nakababahala ang paggamit ng mga personal mobile device at social media sa silid-aralan. Pinag-iisipan namin itong mabuti upang protektahan ang mga estudyante sa pamamagitan ng paghihigpit sa paggamit ng mga personal mobile device sa panahon ng oras ng pagtuturo upang mabawasan ang mga paggambala at pambu-bully, masulit ang oras ng pag-aaral at suportahan ang kalusugang pangkaisipan ng estudyante.”

*Demetrios Nicolaides, Ministro ng Edukasyon*

Magtatatag ng mga bagong pamantayan sa mga personal mobile device ng mga paghihigpit, mga pamamaraan sa pagpapatupad at mga pagtatangi para sa K-12 na pampubliko, hiwalay, francophone, pampublikong charter, mga may kasarinlang awtoridad ng paaralan at mga operator ng serbisyong early childhood sa Alberta.  Gagawin ang mga pagtatangi sa buong lalawigan para sa mga estudyante na gumagamit ng mga mobile device para sa pangangailangan sa kalusugan at medikal, upang suportahan ang mga espesyal na pangangailangan sa pag-aaral at para sa mga layuning pang-edukasyon.

Magpapatupad ang mga awtoridad ng paaralan ng mga lokal na binuong patakaran at pamamaraan para sa paggamit ng mga personal mobile device at social media sa kanilang mga paaralan. Dapat na sumasalamin ang mga patakaran at pamamaraang ito sa mga pamantayang panlalawigan ngunit pahihintulutan pa rin ang bahagi ng kalayaan at kaangkupan upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga komunidad at ng mga mag-aaral na kanilang pinaglilingkuran.

Ibabahagi ng mga awtoridad ng paaralan ang mga detalye ng kanilang mga patakaran at mga tuntunin sa mga magulang at mga tagapag-alaga sa mga darating na linggo o buwan.

## Ilang mga katotohanan

- May kalayaan ang mga awtoridad ng paaralan sa Alberta na magtakda ng kanilang sariling patakaran kung paano ginagamit ng mga estudyante ang mga cellphone sa mga paaralan sa kasalukuyan. Malaki ang pagkakaiba ng mga patakaran sa buong lalawigan.
- Sa mga nakalipas na taon, nag-anunsyo ang Ontario, Quebec at British Columbia ng mga paghihigpit o pagbabawal sa buong lalawigan sa paggamit ng cellphone sa mga paaralan, na may ilang angkop na pagtatangi.
- Nakipag-ugnayan ang Alberta Education sa mga estudyante, magulang at mga katuwang sa edukasyon.
    - Nakatanggap ang survey para sa mga magulang at mga stakeholder ng paaralan ng mahigit sa 68,000 tugon. Halos 90 porsiyento sa mga tumugon ang nagbahagi ng pagkabahala sa paggamit ng estudyante ng cellphone sa paaralan.
    - Nakibahagi ang magkakaibang stakeholder sa edukasyon sa dalawang virtual na sesyon ng pakikipag-ugnayan.

## Kaugnay na impormasyon

- Paggamit ng cellphone sa pakikipag-ugnayan sa mga paaralan

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensya ng balita

## Mga katanungan ng media

### Kevin Lee

780-427-5010
Press Secretary, Education